

PANG-EMERGENCY NA AYUDA PARA SA MALILIIT NA NEGOSYO NG KENT
MGA TUNTUNIN AT KONDISYON NG PEDERAL NA PAMAHALAAN
MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO

Ayon sa nalalapat (partikular ang kasama sa anumang gastos na pinondohan gamit ang mga pondo ng ayuda para sa coronavirus o mga pondo sa pampublikong kalusugan), ang Kontratista o Tagatanggap (mula rito, ang bawat isa ay tutukuyin bilang “Kontratista”) ay dapat sumunod sa Mga Unipormeng Administratibong Kinakailangan, Prinsipyo sa Gastos, at Kinakailangan sa Pag-audit para sa pagkaloob ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services, HHS) ayon sa nakatakda sa Titulo 45 ng Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon (Code of Federal Regulations, CFR) Bahagi 75 (45 CFR Part 75) na may bisa mula Disyembre 26, 2014, sa Pahayag ng Patakaran sa Mga Gawad ng HHS, at sa Mga Probisyon sa Kontrata sa ibaba.

1. PAGBAYAD SA EHEKUTIBO

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang gagamitin para bayaran ang sahod ng isang indibidwal, sa pamamagitan ng gawad o iba pang panlabas na mekanismo, sa rate na mas mataas sa Executive Level II. (Sek. 202)

2. ADBOKASIYA SA PAGKONTROL SA PAGBENTA AT PAGGAMIT NG BARIL

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin, nang buo o ang bahagi nito, para itaguyod o isulong ang pagkontrol sa pagbenta at paggamit ng baril. (Sek. 210)

3. PAG-LOBBY

(a) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang gagamitin, bukod sa para sa karaniwan at kinikilalang mga ugnayan ng ehekutibo at lehislatibo, para sa mga layunin ng publisidad o propaganda, para sa paghahanda, pamamahagi, o paggamit ng anumang kit, pamphlet, booklet, publikasyon, elektronikong komunikasyon, radyo, telebisyon, o presentasyon ng bidyo na idinisenyo para suportahan o labanan ang pagpapatupad ng isang lehislyasyon sa harap ng Kongreso o anumang lehislatura o lupon sa paggawa ng batas ng Estado o lokal, maliban sa mismong presentasyon sa Kongreso o anumang lehislatura ng Estado o lokal, o idinisenyo para suportahan o labanan ang anumang ipinapanukala o nakabinbin na regulasyon, administratibong kilos, o utos na inilabas ng ehekutibong sangay ng anumang Estado o lokal na pamahalaan, maliban sa presentasyon sa ehekutibong sangay ng anumang pamahalaan ng Estado o panlokal.

(b) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang gagamitin para bayaran ang sahod o mga gastos ng sinumang tagatanggap ng gawad o kontrata, o ahenteng kumikilos para sa naturang tagatanggap, na nauugnay sa anumang aktibidad na idinisenyo para impluwensiyahan ang pagpapatupad ng batas,

pagtatalaga, regulasyon, administratibong kilos, o Ehekutibong kautusan na ipinanukala o nakabinbin sa harap ng Kongress o anumang pamahalaan ng Estado, lehislatura ng Estado, o lokal na lehislatura o lupon sa paggawa ng batas, bukod sa para sa karaniwan at kinikilalang mga ugnayan ng ehekutibo at lehislatibo, o pakikilahok ng isang ahensiya o opisyal ng pamahalaan ng Estado, lokal, o tribo sa paggawa ng patakaran at mga administratibong proseso sa loob ng ehekutibong sangay ng pamahalaang iyon.

(c) Ang mga pagbabawal sa subsection (a) at (b) ay kabibilangan ng anumang aktibidad na nagtataguyod o nagsusulong sa anumang ipinanukala, nakabinbin, o para sa hinaharap na pagtaas ng buwis ng Pederal, Estado, o lokal, o ipinanukala, nakabinbin, o para sa hinaharap na kinakailangan o paghihigpit sa anumang legal na produkto ng mamimili, kasama ang pagbenta o marketing nito, kasama ang, ngunit hindi limitado sa pagtataguyod o pagsulong ng pagkontrol sa pagbenta at paggamit ng barrel. (Sek. 503)

4. ABORSIYON O PAGPAPALAGLAG

(a) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito, at wala sa mga pondo sa anumang trust fund na ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito, ang gagastusin para sa anumang aborsiyon o pagpapalaglag.

(b) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito, at wala sa mga pondo sa anumang trust fund na ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito, ang gagastusin para sa saklaw sa mga benepisyong pangkalusugan na kasama ang pagsaklaw sa aborsiyon.

(c) Tumutukoy ang terminong “saklaw sa mga benepisyong pangkalusugan” (health benefits coverage) sa package ng mga serbisyong sinasaklawan ng isang provider o organisasyon ng pinamamahalaang pangangalaga alinsunod sa isang kontrata o iba pang kasunduan. (Sek. 506)

5. MGA LIMITASYON SA MGA PAGBABAWAL SA PAGPOPONDO SA ABORSIYON

(a) Ang mga itinaguyod na limitasyon sa susunod na seksiyon ay hindi nalalapat sa isang aborsiyon o pagpapalaglag—

(1) kung ang pagbubuntis ay resulta ng isang panggagahasa o inestso (incest); o

(2) sa sitwasyon kung saan dumaranas ng hirap mula sa isang pisikal na karamdaman, pisikal na pinsala, o pisikal na sakit, kasama ang pisikal na kondisyon na nagdadala ng panganib sa buhay, na dulot ng o nagmumula sa pagbubuntis mismo, na, ayon sa pagpapatunay ng isang doktor, ay naglalagay sa babae sa panganib ng pagkamatay kung hindi isasagawa ang aborsiyon o pagpapalaglag.

(b) Wala sa naunang seksiyon ang dapat ipakahulugan bilang pagbabawal sa paggastos ng isang Estado, lokalidad, entidad, o pribadong tao ng mga pondo ng Estado, lokal, o pribado (maliban sa kontribusyon ng mga tumutugmang pondo ng Medicaid ng isang Estado o lokalidad).

(c) Wala sa naunang seksiyon ang dapat ipakahulugan bilang paglilimita sa kakayahan ng anumang provider ng pinamamahalaang pangangalaga mula sa pag-aalok ng saklaw sa aborsiyon o ng kakayahan ng Estado o lokalidad na makipagkontrata nang hiwalay sa ganoong uri ng provider para sa naturang saklaw gamit ang mga pondo ng Estado (maliban sa kontribusyon ng mga tumutugmang pondo ng Medicaid ng isang Estado o lokalidad).

(d)(1) Sumasang-ayon ang Kontratista na hindi nito ipapailalim sa diskriminasyon ang anumang entidad ng pangangalagang pangkalusugan ng institusyon o indibidwal sa batayan na ang entidad ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi nagbibigay, nagbabayad para sa, nagbibigay ng saklaw ng, o nagre-refer para sa mga aborsiyon o pagpapalaglag.

(2) Sa subsection na ito, kasama sa terminong “entidad ng pangangalagang pangkalusugan” (health care entity) ang isang indibidwal na doktor o ibang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, ospital, organisasyong inii-sponsor ng provider, organisasyon sa pagpapanatili ng kalusugan, plano ng insurance sa kalusugan, o anumang iba pang uri ng pasilidad, organisasyon, o plano sa pangangalagaang pangkalusugan. (Sek. 507)

6. PANANALIKSIK SA EMBRYO

(a) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin para sa—

(1) paglikha ng embryo o mga embryo ng tao para sa mga layunin ng pananaliksik; o

(2) pananaliksik kung saan ang embryo o mga embryo ng tao ay winawasak, tinatapon, o sadyang ipinapailalim sa panganib ng pinsala o kamatayan na higit sa pinapahintulutan sa mga pananaliksik sa mga hindi pa isinisilang na sanggol (fetus) na nasa sinapupunan sa ilalim ng Titulo 45 ng CFR 46.204(b) at seksiyon 498(b) ng Batas sa Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan (42 U.S.C. 289g(b)).

(b) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, kabilang sa terminong “embryo o mga embryo ng tao” ang anumang organismo, na hindi protektado bilang isang kalahok o subject na tao sa ilalim ng Titulo 45 ng CFR 46 mula Disyembre 20, 2019, na galing sa pertilisasyon, parthenogenesis, cloning, o anumang iba pang paraan mula sa isa o higit pang gamete ng tao o mga diploid cell ng tao. (Sek. 508)

7. PAGSULONG SA PAGIGING LEGAL NG MGA KONTROLADONG GAMOT O SUBSTANSIYA (CONTROLLED SUBSTANCE)

(a) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin para sa anumang aktibidad na nagsusulong sa pagiging legal ng anumang droga o ibang substansiyat na kasama sa listahan I (schedule I) ng lahat ng mga listahan ng mga kontroladong gamot o substansiya na nakasaad sa seksiyon 202 ng Batas sa Mga Kontroladong Gamot o Substansiya maliban sa karaniwan at kinikilalang pakikipag-ugnayan ng ehekutibo at kongreso.

(b) Hindi nalalapat ang limitasyon sa subsection (a) kapag may malakas na medikal na katibayan ng benepisyo sa paggamotang paggamit ng naturang gamot o ibang substansiya o na isinasagawa ang mga klinikal na pagsubok na inii-sponsor ng pederal na pamahalaan para tukuyin ang benepisyo sa paggamot. (Sek. 509)

8. PAGBABAHAGI NG SINADYANG MALING IMPORMASYON

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin para sa pagpapalaganap ng impormasyong sinadyang mali o mapanlinlang. (Sek. 515(b))

9. PORNOGRAPIYA

(a) Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin para panatilihin o buuin ang isang network ng computer maliban kung ang nasabing network ay humaharang sa panood, pag-download, o pagpapalitan ng pornograpiya.

(b) Wala sa subsection (a) ang maglilimita sa paggamit ng mga pondong kinakailangan ng anumang pampederal, pang-estado, pantribo, o panlokal na ahensiya sa pagpapatupad ng batas, o anumang ibang entidad na nagsasagawa ng mga imbestigasyon, pag-uusig, o mga aktibidad sa paghahatol. (Sek. 520)

10. ACORN O MGA KANIB O SUBSIDYARYO NITO

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring ibigay sa Association of Community Organizations for Reform Now (ACORN), o alinman sa mga kaanib, subsidiyaryo, kaalyado, o tagapagmana nito. (Sek. 521)

11. NEEDLE EXCHANGE

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin para bumili ng mga esterolisadong karayon o heringgilya (syringe) para sa pagtuturok sa bahagi sa ilalim mismo ng balat (hypodermis) ng anumang hindi legal na gamot: *Sa kondisyon na*, Ang nasabing limitasyon ay hindi nalalapat sa paggamit ng mga pondo para sa mga elemento ng isang programa maliban sa paggawa ng mga naturang pagbili kung ang nauugnay na departamento ng kalusugan ng Estado o lokal, sa pakikipagkonsulta sa Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention), ay natukoy na ang hurisdiksiyon ng Estado o lokal, ayon sa naaangkop, ay nakakaranas o nasa panganib na makaranas, ng malaking pagtaas sa mga impeksiyon na hepatitis o paglaganap ng HIV dahil sa paggamit ng itinuturok na droga o gamot, at ang naturang programa ay pinapatakbo alinsunod sa batas ng Estado at lokal. (Sek. 527)

MGA PANGKALAHATANG PROBIYON SA BUONG PAMAHALAAN

(PL 116-93, Disyembre 20, 2019, 133 Stat 2317 - Dibisyon C, Titulo VII)

12. PROPAGANDA

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin sa direkta o hindi direktang paraan, kasama ang paggamit ng mga subcontractor (kinontrata para gawin ang partikular na trabaho), para sa mga layunin ng publisidad o propaganda sa loob ng Estados Unidos na hanggang sa ngayon ay hindi inaawtorisahan ng Kongreso. (Sek. 718)

13. BATAS SA PAGKAPRIBADO

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin bilang paglabag sa seksiyon 552a ng titulo 5, Kodigo ng Estados Unidos (mas kilala bilang Batas sa Pagkapribado o Privacy Act), at mga regulasyong nagpapatupad ng seksiyong iyon. (Sec. 732)

14. MGA KASUNDUAN SA PAGKAKUMPIDENSIYAL

(a) Sumasang-ayon ang Kontratista na hindi nito iaatas sa mga empleyado o subcontractor na nagpaplanong mag-ulat ng panloloko, pag-aksaya, o pang-aabuso na pumirma ng mga panloob na kasunduan sa pagkakumpidensiyal o mga pahayag na nagbabawal o kung hindi ay naglilimita sa mga naturang empleyado o subcontractor mula sa pag-ulat ayon sa batas ng mga nasabing panloloko, pag-aksaya, o pang-aabuso sa isang nakatalagang kinatawan sa pag-iimbestiga o pagpapatupad ng batas ng isang departamento o ahensiya ng Pederal na pamahalaan na inawtorisahang tumanggap ng nasabing impormasyon.

(b) Hindi lalabagin ng limitasyon sa subsection (a) ang mga kinakailangang nalalapat sa Standard Form 312, Form 4414, o anumang iba pang form na inilabas ng departamento o ahensiya ng Pederal na pamahalaan na namamahala sa hindi paghahayag ng opisyal na lihim na impormasyon. (Sek. 742)

15. MGA KASUNDUAN SA HINDI PAGHAHAYAG

Ang mga probisyong ito ay alinsunod sa at hindi humahalili, sumasalungat, o bumabago sa mga obligasyon, karapatan, o pananagutan ng empleyado na ginawa ng umiiral na batas o Ehekutibong kautusan na nauugnay sa (1) opisyal na lihim na impormasyon, (2) mga komunikasyon sa Kongreso, (3) pag-uulat sa Pangkalahatang Inspektor ng paglabag sa anumang batas, tuntunin, o regulasyon, o maling pamamahala, malaking pag-aksaya ng mga pondo, pag-abuso sa awtoridad, o malaki at partikular na panganib sa kalusugan o kaligtasan ng publiko, o (4) anumang iba pang proteksiyon para sa whistleblower. Ang mga kahulugan, kinakailangan, obligasyon, karapatan, parusa, at pananagutan na ginawa sa pamamagitan ng mga kumokontrol na Ehekutibong kautusan at mga probisyon na ayon sa batas ay isinasama sa kasunduang ito at nagkokontrol. (Sek. 743)

16. HINDI NABAYARANG PANANAGUTAN SA PEDERAL NA BUWIS

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala itong tinasang hindi nabayarang pananagutan sa pederal na buwis, kung saan ang lahat ng hudisyal at administratibong remedyo ay nagamit o lumipas na, at na hindi nababayaran nang napapanahon alinsunod sa isang kasunduan sa isang awtoridad na responsable sa pagkolekta ng pananagutan sa buwis, maliban kung isinaalang-alang ng Pederal na ahensiya ang pagsuspende o debarment ng Kontratista at nagdesisyon na ang higit pang aksiyong ito ay hindi kinakailangan para protektahan ang mga interes ng Pamahalaan.

Sumasang-ayon ang Kontratista na hindi ito makikipagkontrata sa anumang korporasyon na may anumang tinasang hindi nabayarang pananagutan sa Pederal na buwis, kung saan ang lahat ng hudisyal at administratibong remedyo ay nagamit o lumipas na, at na hindi nababayaran nang napapanahon alinsunod sa isang kasunduan sa isang awtoridad na responsable sa pagkolekta ng pananagutan sa buwis, maliban kung isinaalang-alang ng Pederal na ahensiya ang pagsuspende o debarment ng korporasyon at nagdesisyon na ang higit pang aksiyong ito ay hindi kinakailangan para protektahan ang mga interes ng Pamahalaan. (Sek. 744)

17. LIMITASYON SA MALALANG KRIMEN (FELONY)

Sumasang-ayon ang Kontratista na hindi ito nahatulan ng paglabag na malalang krimen o felony sa ilalim ng Pederal na batas sa loob ng nakaraang 24 na buwan, maliban kung isinaalang-alang

ng Pederal na ahensiya ang pagsuspende o debarment ng korporasyon at nagdesisyon na ang higit pang aksiyong ito ay hindi kinakailangan para protektahan ang mga interes ng Pamahalaan.

Sumasang-ayon ang Kontratista na hindi ito makikipagkontrata sa sinumang nahatulan ng paglabag na malalang krimen o felony sa ilalim ng Pederal na batas sa loob ng nakaraang 24 na buwan, maliban kung isinaalang-alang ng Pederal na ahensiya ang pagsuspende o debarment ng korporasyon at nagdesisyon na ang higit pang aksiyong ito ay hindi kinakailangan para protektahan ang mga interes ng Pamahalaan. (Sek. 745)

IBA PANG MGA PROBIYON SA PAGTATALAGA

18. MGA CHIMPANZEE

Sumasang-ayon ang Kontratista na wala sa mga pondong ibinabayad sa pamamagitan ng kontratang ito ang maaaring gamitin para sa anumang proyektong kinasasangkutan ng paghuli o pagbili ng mga chimpanzee na nakuha mula sa gubat. (tala ng 42 U.S.C. 289d)

Iba Pang Mga Probiyon sa Batas

19. PAGBEBENTA NG MGA TAO

Napapailalim ang kontratang ito sa mga kinakailangan ng Seksiyon 106 (g) ng Batas sa Proteksiyon ng Mga Biktima ng Pagbebenta ng Mga Tao ng 2000, ayon sa inamyendahan (22 U.S.C. 7104)

(a) Ang Kontratista, mga empleyado ng Kontratista, at anumang mga subcontractor o mga empleyado ng subcontractor ay hindi maaaring:

- (1) Makibahagi sa malalalang uri ng pagbebenta ng mga tao sa panahon na may bisa ang kontratang ito;
- (2) Bumili ng komersiyal na aksiyon ng pakikipagtalik sa panahon na may bisa ang kontratang ito; o
- (3) Gumamit ng puwersahang pagtatrabaho sa pagsasagawa ng kontratang ito o mga subcontract.

(b) Kasama sa mga paglabag sa mga pagbabawal sa talaga (a) ang -

- (1) Mga ginawa ng Kontratista; o
- (2) Mga ginawa ng empleyado ng Kontratista o subcontractor sa pamamagitan ng gawi na -
 - i. Nauugnay sa pagsasagawa ng kontratang ito; o
 - ii. Ipinaparatang sa Kontratista o subcontractor gamit ang mga pamantayan at kaukulang proseso sa pagpaparatang ng gawi ng isang indibidwal sa isang organisasyon na nakasaad sa Titulo 2 ng CFR bahagi 180, "Mga Tuntunin ng OMB sa Mga Ahensiya ukol sa Debarment at Pagsuspende (Pagbabawal o nonprocurement) sa buong Pamahaalan," ayon sa ipinapatupad ng aming ahensiya sa Titulo 2 ng CFR bahagi 376.

(c) Dapat ipaalam kaagad ng Kontratista sa King County ang anumang impormasyong natatanggap nito mula sa isang pinagmulan na nagpaparatang ng paglabag sa talaga (a).

(d) Mga kahulugan. Para sa mga layunin ng kontratang ito:

(1) Tumutukoy ang “empleyado” sa:

- i. Inibidwal na kinuha mo sa trabaho o isang subrecipient na bahagi ng pagsasagawa ng proyekto o programa sa ilalim ng kaloob na ito; o
- ii. Ibang taong bahagi ng pagsasagawa ng proyekto o programa sa ilalim ng kaloob na ito at na hindi mo binabayaran kasama ang, ngunit hindi limitado sa, boluntaryo o indibidwal na ang mga serbisyo ay ibinibigay ng isang third party bilang kauring kontribusyon (in-kind contribution) patungo sa pagbabahagi ng gastos o mga kinakailangan sa pagtutugma.

(2) Ang “puwersahang pagtatrabaho” ay nangangahulugang paggawa na nakuha sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan: ang pag-recruit, pagtago, transportasyon, pagbibigay, o pagkuha ng tao para sa paggawa o mga serbisyo, sa pamamagitan ng puwersa, panloloko, pamimilit para sa layuning mapailalim sa hindi boluntaryong pagseserbisyo, pamimilit, pagkatali sa utang, o pang-aalipin.

(3) Ang “malalalang uri ng pagbebenta ng mga tao,” “komersiyal na aksiyon ng pakikipagtalik,” at “pamimilit” ay may mga kahulugang nakasaad sa seksiyon 103 ng TVPA, ayon sa inamiyendahan (22 U.S.C. 7102). (Seksiyon 106 (g) ng Batas sa Proteksiyon ng Mga Biktima ng Pagbebenta ng Mga Tao ng 2000, ayon sa inamiyendahan (22 U.S.C. 7104)

20. MGA PROTEKSIYON PARA SA WHISTLEBLOWER

Sa pamamagitan nito ay binibigyan ng abiso ang Kontratista na ang Titulo 48 ng CFR seksiyon 3.908, na nagpapatupad na seksiyon 828, at may pamagat na “Pilot na Programa para sa Pagpapahusay ng Mga Proteksiyon sa Whistleblower na Empleyado ng Kontratista,” ng Batas sa Awtorisasyon ng Pambansang Depensa (National Defense Authorization Act, NDAA) para sa Piskal na Taon, Fiscal Year, FY) 2013 (Pub. L. 112-239, isinabatas noong Enero 2, 2013) ay nalalapat sa kontratang ito.

21. MGA PROTEKSIYON NG KALAHOK NA TAO

Kung ang alinman sa mga aktibidad sa ilalim ng kontratang ito ay magkakaroon ng mga kalahok o subject na tao sa anumang mga aktibidad sa pananaliksik, dapat magbigay ang Kontratista ng kasiya-siyang pagtitiyak ng pagsunod sa kinakailangan sa proteksiyon ng kalahok ng Tanggapan ng Proteksiyon sa Pananaliksik ng Tao (Office of Human Research Protection, OHRP) ng HHS/OASH bago ang pagsasagawa ng mga bahagi ng pananaliksik na iyon. Dapat isumite ang pagtitiyak na ito sa OHRP alinsunod sa mga naaangkop na regulasyon.

22. PANLOLOKO, PANG-AABUSO, AT PAG-AAKSAYA

Ang Pangkalahatang Inspektor ng HHS ay tumatanggap ng mga abiso at reklamo mula sa lahat ng pinagmumulan tungkol sa potensiyal na pandaraya, pag-aaksaya, pang-aabuso, at maling pamamahala sa mga programa ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao.